# JESUS > Higit pa Kay Moises

WEEK 3

## WARM-UP

- Ano ang pinakaimportanteng bagay na minana mo sa iba (hal., alahas, damit, kasangkapan)? Bakit ito mahalaga sa 'yo?
- Ano ang isang bagay na mayroon ka ngayon na matagal mong hinintay bago mo nakuha?
- Kung kailangan mong hintayin ang isang bagay, mas pipiliin mo ba ang maghintay nang sandali lang pero iba ang makukuha mo, o pipiliin mong maghintay nang mas matagal pero makukuha mo kung ano talaga ang gusto mo? Bakit?

## WORD

*[1]Kaya nga mga kapatid ko sa pananampalataya, at mga*
*kapwa ko na tinawag ng Dios na makakasama sa langit,*
*alalahanin n'yo si Jesus. Siya ang apostol at punong*
*pari ng ating pananampalataya. [2]Tapat siya sa Dios na*
*nagsugo sa kanya, katulad ni Moises na naging tapat sa*
*pamamahala ng pamilya ng Dios. [3]Ngunit itinuring ng Dios*
*si Jesus na higit kaysa kay Moises, dahil kung ihahalintulad*
*sa bahay, higit ang karangalan ng nagtayo kaysa sa bahay*
*na itinayo.* **HEBREO 3:1–3**

(Basahin din ang **HEBREO 3:4–11.**)

Para sa mga Hudyo, si Moises ay isang dakilang propeta at isa sa pinakamahalagang pinuno sa Lumang Tipan. Siya ang hinirang ng Diyos na magbigay ng Kautusan at manguna sa mga Israelita palabas ng Egipto. Ang Kautusan ni Moises ang naging pundasyon ng kanilang batas, tradisyon, at pamumuhay kaya't hindi nakapagtataka na mas may tiwala sila kay Moises kaysa kay Jesus. Tingnan natin ang dahilan kung bakit binigyang-diin ng sumulat ng Hebreo na si Jesus ay mas higit kay Moises.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang ibigay sa atin ang magandang balita at gumawa ng daan para makapiling natin Siya magpakailanman.
- Ipanalangin na alisin ng Diyos ang bawat takot na humahadlang sa iyong pagtitiwala sa Kanyang pag-ibig at sa ganap Niyang ginawa.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang iyong mga kilos at salita upang madama ng iba ang Kanyang pag-ibig. Idalangin rin na maging buhay na patotoo ka ng pag-ibig ng Diyos habang naglilingkod ka sa Kanya.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Jasmine Villegas

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Si Moises ay naging tapat na tagapaglingkod sa tahanan ng Diyos.

*[1]. . . alalahanin n'yo si Jesus. . . . [2]Tapat siya sa Dios na nagsugo sa kanya, katulad ni Moises na naging tapat sa pamamahala ng pamilya ng Dios. . . . [5]Tapat si Moises sa pamamahala niya sa pamilya ng Dios bilang isang lingkod. At ang mga bagay na ginawa niya ay larawan ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap.* **HEBREO 3:1–2, 5**

Bagamat si Moises ay tunay na naging pinuno, tagapagsalita, at tagapagbigay ng Kautusan sa mga Hudyo, siya ay lingkod lamang sa tahanan ng Diyos. Siya ay bahagi ng sambahayan at kumilos ayon sa plano ng Diyos. Naglingkod siya sa Diyos at nagpatotoo sa Kanyang mga pangako. Tayo rin ay maaaring magamit nang lubos bilang Kanyang mga lingkod. Sa anong mga paraan ka ginagamit ng Diyos ngayon sa Kanyang tahanan?

## 2 Si Jesus ang tagapagtatag at Anak sa tahanan ng Diyos.

*[3]Ngunit itinuring ng Dios si Jesus na higit kaysa kay Moises, dahil kung ihahalintulad sa bahay, higit ang karangalan ng nagtayo kaysa sa bahay na itinayo. [4]Alam natin na may gumawa ng bawat bahay. Ngunit ang Dios ang gumawa ng lahat ng bagay.* **HEBREO 3:3–4**

Sa kabilang banda, si Jesus, bilang ganap na bakas ng Diyos (Hebreo 1:3), ang tagapagtatag at Anak sa tahanan ng Diyos. Isa itong ganap na kakaibang kapangyarihan. Si Jesus ay mas nakahihigit kay Moises sa lahat ng aspeto. Si Moises ay tao lamang, samantalang si Jesus ay banal. Higit pa rito, tanging si Jesus lamang ang makakapagbigay ng ganap na kaligtasan at makakapagtatag ng walang hanggang kaharian ng Diyos. Bilang tagasunod ni Jesus, paano mo naranasan ang Kanyang kaligtasan at kaharian dito sa lupa?

## 3 Tayo ang tahanan ng Diyos.

*Ngunit si Cristo ay tapat bilang Anak na namamahala sa pamilya ng Dios. At tayo ang pamilya ng Dios, kung patuloy tayong magiging tapat sa pag-asang ipinagmamalaki natin.* **HEBREO 3:6**

Ang tahanan ng Diyos ay ang mga nagtitiwala kay Jesus para sa kanilang kaligtasan. Sa atin nananahan ang Kanyang Espiritu; tayo ang Kanyang pamilya. Bilang tahanan ng Diyos, tinatawag tayong maging tapat na mga lingkod sa Kanyang sambahayan, gaya ng katapatan ni Moises. At dapat din nating maunawaan na si Jesus ang Anak at ang tagapagtatag ng tahanan. Matapos ang muling pagkabuhay ni Jesus, iniwan na natin ang lumang tipan at ang Kautusan ni Moises at napunta sa bagong tipan ng biyaya, dahil ginawa na tayong matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Paano ipinapakita sa 1 Pedro 2:5 ang layunin natin bilang tahanan ng Diyos?

## APPLICATION

- Ang pagiging bahagi ng tahanan ng Diyos ay nangangahulugang namumuhay tayo nang may tiwala at pag-asa. Paano mo sadyang maipapamuhay ang pag-asang mayroon ka kay Jesus ngayong linggo—sa bahay, paaralan, o trabaho?
- May bahagi ba ng buhay mo kung saan natutukso kang tutukan ang "tahanan" (ang iyong tungkulin, paglilingkod, o ministeryo) sa halip na si Jesus na Siyang tagapagtatag? Hilingin sa Diyos na iayon ang iyong puso at atensyon sa Kanya.
- Binubuo ng Diyos ang Kanyang tahanan sa pamamagitan ng Kanyang mga mamamayan. Ano ang isang praktikal na paraan para makapaglingkod o makapagpalakas ka ng loob ng isang tao sa inyong iglesya ngayong linggo?